

Book Review: Pagtatagpo sa kabilang Dulo: Panitikang Testimonyal ng Desaparecidos

Kilala mo ba silang mga nawawala?

Ang “**Pagtatagpo sa Kabilang Dulo**” ay koleksiyon ng mga tula, pahayag, liham, at testimonyal ng mga pamilya ng mga biktima ng sapilitang pagkawala. Ang koleksiyong ito ay may layuning ipakilala sa atin ang tao sa likod ng mga pangalan na karaniwan nating naririnig o nababasa lamang bilang mga biktima ng kaso ng sapilitang pagkawala.

Ang libro ay nilathala ng grupong Desaparecidos at ng Amado V. Hernandez Resource Center. Naglalayon ang librong magbigay aral sa mga Pilipino sa papataas na kaso ng pagdukot at sapilitang pagkawala sa Pilipinas. Sa kasalukuyang tala ng grupong Karapatan, 205 ang biktima sa ilalim lamang ng nagdaang rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Produkto ang libro ng serye ng mga workshops na pinangunahan ng mga miyembro ng Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (Contend). Ang ibang materyales sa libro ay kinolekta ni Ipe Soco, isang anak ng desaparecido.

Ang mga materyales ay naayos ayon sa 27 na pangalan ng desaparecido. Karamihan ay mga biktima sa ilalim ng rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo at ang ilan ay mula pa noong panahon ng Martial Law at sa ilalim ng rehimen ni Cory Aquino. Karamihan sa kamag-anak ng mga biktima ay nagbahagi ng buhay ng kanilang minamahal. Sa gayong paraan, nabibigyan ng mukha ang mga pangalan. Pinapaalala sa atin na sila rin ay mga magulang, anak, kapatid, pinsan, kaibigan, asawa at iba pa.

Habang ang karamihan ng mga desaparecido ay nakaugnay sa adbokasiya para sa karapatang-tao, karapatan ng mga magsasaka, ng katutubong mamamayan, manggagawa at ang kilusan ng pagbabago, mayroon din namang mga karaniwang mamamayan lamang na naipit sa gitna ng mga operasyong kontra-insureksiyon ng mga militar. Tulad na lamang ng anak ng isang NDF consultant at ang isang kapatid ng isang organisador ng mga magsasaka.

Nakasama din sa koleksiyon ay ang mga testimonyal nina Raymond Manalo at isang tula ni Melissa Roxas kapwa mga biktima ng torture at pagdukot.

Ilan sa mga makabagbag-damdaming akda ay ang mga testimonyal ni Bonifacio Ilagan na kasama ang kapatid na si Rizalina sa Southern Tagalog 12 at ang mga excerpts ng affidavit ni Raymond Manalo. Ang mga ito ay naglalaman ng mga malinaw na kuwento ng kalupitan ng torture at nagpapakita ng makahayop na trato ng mga maysala na mga elemento at ahente ng estado ayon sa mga saksi.

Ang mga workshops ay naglayong maging isang paraan ng therapy para sa mga pamilya ng mga biktima. Sa mga workshops na ito, hindi inasahan na maging mahuhusay na manunulat ang mga kalahok, ang mas naging mahalaga ay hayaan ang mga kalahok na maisulat nila ang kanilang sinasaloob at naiisip.

Tulad ng naisulat ni Ipe Soco:

*'Ang pagtatagpo ay walang takdang panahon
Ang kabilang dulo ay walang lunan.
Hindi ito langit, purgatoryo
o kawalan.
Ikaw at ako;
tayo ang kabilang dulo.
Tayo ang magpapasya sa pagtatakda ng panahon;
ang lilikha ng daan;
ang magpapaningas ng sulo at gagabay;
ang magmamarka at lilikha ng tipanan.
At kung kailan sila tatagpuin,
nasa atin ang kapasyahan.'*

Ang mga liham at testimonyal ay naglalahad ng mga damdamin ng galit, pagkawalang pag-asa, pangungulila, pag-asa at tapang. Mayroon din iyong mga nangangako ng pagpapatuloy ng laban:

Sa Panulat ni Soco: "Magtatasa uli ako ng panibagong lapis, nang matulis na matulis, kasintulis ng dilang naniningil sa estadong kriminal."

Mabigat ang bawat pahina ng libro dahil tunay na buhay ng mga tao ang nilalaman nito, tunay na mga damdamin ang pinapahayag nito. Bawat pangungusap at bawat letra ay niluwal ng pasakit, ng maraming taong pangungulila at paghahanap sa mga nawawala. Habang binabasa ang bawat akda ay hindi maiwasang maramdaman ang kawalan ng mga biktima at magkiisa sa kanilang dalamhati't pakikibaka.

Ang "Pagtatagpo sa Kabilang Dulo" ay isang mahalagang libro upang mas maintindihan ng mga mambabasa na ang papataas na kaso ng pagdukot at sapilitang pagkawala at maging ng iba pang anyo ng paglabag sa karapatang-tao ay tunay at isang seryosong suliranin ng ating lipunan. Mas mahalaga pa siya ngayon sa ilalim ng bagong rehimen na nangangako ng pagbabago dahil ito ay magsisilbing paalala sa mahabang listahan ng kaso ng mga desaparecido na hanggang ngayo'y wala pa ring kalutasan. Isa rin itong panawagan na napakalaki ng dapat gawin upang solusyonan ang lumalalang estado ng karapatang-tao sa bansa.

Desaparecidos – katawagan sa mga biktima ng pagdukot at sapilitang pagkawala